

# COVID-19: Paghahanap ng Pangangalaga Kapag Walang Insurance

Ang Coronavirus disease 2019 o COVID-19 ay isang sakit sa palahingahan na maaaring maihawa mula sa isang tao patungo sa isa pang tao. Kasama sa mga pinakakaraniwang palatandaan at sintomas ang lagnat, ubo at kahirapang huminga, na katulad ng mga sintomas ng influenza at iba pang mga virus sa palahingahan. Mas mataas ang panganib ng ibang tao na magkaroon ng malubhang sakit dulot ng COVID-19, kasama sa ang:

- Mga taong may edad na 60 at higit pa. Lubos na tumataas ang panganib pagkalagpas at lalong tumataas habang tumatanda, at ang mga taong may edad na higit sa 80 ang nasa categoryang may pinakamataas na panganib.
- Mga tao, anuman ang edad, na may dati nang mga kondisyon sa kalusugan kasama ang sakit sa puso at daluyan ng dugo, diyabetes, kanser, sakit sa puso, mga matagal at hindi gumagaling na sakit tulad ng COPD, pati na rin iyong may lubhang mahinang immune system.

## Kailan dapat humingi ng pangangalaga

Kung mas mataas ang panganib mo na magkaroon ng malubhang sakit mula sa COVID-19, kailangan mong humingi ng pangangalaga nang maaga, kahit na hindi malubha ang iyong sakit. Tatasain ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang iyong kalusugan at magpapasiya sila kung kailangan mong sumailalim sa pagsusuri.

Kung HINDI ka kasama sa may mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit mula sa COVID-19, HINDI ka kailangang itasa nang personal at HINDI mo kailangang masuri para sa COVID-19. Tandaang walang gamot sa COVID-19 at kung hindi malubha ang iyong sakit, hindi kailangang tumawag sa provider ng pangangalagang pangkalusugan. Dapat kang manatili sa bahay nang malayo sa iba.

Kung magkakaroon ka ng mga pang-emergency na babalang palatandaan para sa COVID-19, agad na kumuha ng medikal na atensiyon. Sa mga nasa hustong gulang, kasama sa mga pang-emergency na babalang palatandaan ang:

- Kahirapang huminga o pangangapos ng hininga
- Patuloy na pananakit o diin sa dibdib
- Bagong pagkalito o kahirapang gisingin ang tao
- Kulay asul na labi o mukha

## Paano kung wala kang doktor?

Kung ikaw ay walang medikal na provider, walang insurance, o may limitado o walang kita at naniniwala kang kailangan mo ng mga hindi pang-emergency na medikal na sebisyo, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na sentro ng kalusugan sa komunidad (community health center, CHC) sa pamamagitan ng pagtawag at ipaalam sa kanila ang iyong pangangailangan. Makikipagtulungan sila sa iyo para ayusin ang naaangkop na pangangalaga. Sa mga kaso ng emergency, mangyaring tumawag sa 911.

May humigit-kumulang 165 CHC sa buong lungsod ng Chicago, kaya maghanap ng malapit sa iyo. Mahahanap mo ang pinakamalapit na CHC sa [findahealthcenter.hrsa.gov](http://findahealthcenter.hrsa.gov).

## Ano ang isang sentro ng kalusugan sa komunidad (CHC)?

Ang mga CHC ay mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugang nakasentro sa pasyente na nagsisilbi bilang komprehensibo at matipid na opsyon sa pangunahing pangangalagang pangkalusugan para sa mga hindi lubos na napagsisilbihan na komunidad sa Amerika kasama ang mga taong may limitado o walang kita at ang mga walang

*Inilabas ang bersiyong ito noong 03/18/2020. Maaaring itong ma-update kapag may bagong patnubay.  
Mangyaring bumisita sa [www.chicago.gov/coronavirus](http://www.chicago.gov/coronavirus) para makita ang pinakabagong bersiyon.*


insurance. Pinapataas ng mga CHC ang access sa pangangalagang pangkalusugan at nagbibigay ang mga ito ng mga pinagsamang serbisyo batay sa mga natatanging pangangailangan ng mga komunidad na pinagsisilbihan nila.

### Magkano ang halaga ng mga serbisyo?

Nakakatanggap ang mga CHC ng pagpondo mula sa pederal na pamahalaan na nagbibigay-daan sa kanila para singilin ang pasyente batay sa sliding scale fee na batay sa kita at kakayahang magbayad ng pasyente. **Walang tatangihang pasyente dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad.**

### Mahalagang Tampok ng mga Sentro ng Kalusugan sa Komunidad

- Matatagpuan sa mga Lugar na may Mataas na Pangangailangan
- Komprehensibong Set ng mga Serbisyo
- Bukas sa Lahat
- Mga Namumunong Lupon na Pangunahing Binubuo ng mga Pasyente



\*Ang mga Sentro ng Kalusugan sa Komunidad ay kilala rin bilang mga Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (Federally Qualified Health Centers, mga FQHC)

Matatagpuan ang impormasyon sa mga sentro ng kalusugan, kasama ang mga address, sa [findahealthcenter.hrsa.gov](http://findahealthcenter.hrsa.gov)

Nilikha ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan sa Chicago, Marso 2020.

*Inilabas ang bersiyong ito noong 03/18/2020. Maaaring itong ma-update kapag may bagong patnubay.*

*Mangyaring bumisita sa [www.chicago.gov/coronavirus](http://www.chicago.gov/coronavirus) para makita ang pinakabagong bersiyon.*